



Colors, Future!

いろいろって、未来。

川崎市

Ika-82 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Pinamatnugan at inilathala ng: Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau, Marso 3, 2025
Wikang Hapon: <http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0.html>

Wikang Hapon na madaling maintindihan:
<http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html>

Pagsali sa Kawasaki Citizens Festival

Noong ika-7 ng Disyembre, Sabado hanggang ika-8 ng Disyembre, Linggo ay ginanap ang ika-45 na Kawasaki Citizens Festival. Nakilahok ang mga kinatawan sa ika-unang araw nito. Karaniwan, ang pagdiriwang ng pista ng mga mamamayan ay ginaganap sa loob ng tatlong araw, ngunit ngayong taon ay itinakda ito sa dalawang araw lamang. Bukod dito, sa kauna-unahang pagkakataon, idinaos ito sa taglamig, at mula 17:00 ay nagkaroon din ng Happy Hour, at iba pang bagong inisyatiba. Sa loob ng dalawang araw, tinatayang 450,000 katao ang dumalo, na naging dahilan upang maging isang matagumpay at masiglang pista ng mga mamamayan.

Ang tent ng mga kinatawan ay nasa Fujitsu Stadium, kung saan pinalalalim ang pakikisalamuha sa mga kalahok sa pamamagitan ng nakagawiang quiz at pagguhit ng mga bandila. Bukod dito, namahagi rin ng mga flyer ng Open Forum, pati na rin lobo bilang promosyon sa pagpupulong.



Pagsali sa Saiwai Multicultural Festival

Noong ika-8 ng Pebrero, Sabado, nakilahok ang mga kinatawan sa Saiwai Multicultural Festival na isinaganap sa Saiwai Civic Center. Sa araw na ito, kami ang naging responsible para sa lugar ng Multicultural Café sa lobby. Kami ay nakihalubilo at namigay ng tsaa mula sa iba't ibang bansa kagaya ng tsaang mais, tsaa ng honey, tsaa ng mate, tsaa ng jasmine, tsaa ng chai, tsaa ng Rooibos, at iba pa.



Pagsaganap ng Open Forum

Noong ika-15 ng Disyembre, Linggo, sa Nakahara Community Center ay isinaganap ang Open Forum para sa taong 2024. Ngayong taon, may 70 na katao ang nakisali, at isinaganap ito mula 2pm hanggang 5pm.

Sa open forum na ito, naghiwalay sa anim na grupo upang talakayin ang anim na tema ng ika-15 termino na “Pag-iwas sa Kalamidad at Sakuna”, “pangangalagang medikal”, “pag-alaga at pag-paaral ng bata”, “pagpapalaganap ng impormasyon”, “Pagbuo ng symbiotic na komyunidad”, “paghiwalay ng apelyido ng mag-asawa”. Sa mga diskusyon ay nakapagpalitan ng mga opinyon at nakapagtalakayan ang mga nakilahok at mga kinatawan. Pagkatapos ng diskusyon sa subkomite ay nagsama ulit ang mga grupo upang ibahagi ang mga napagdiskusyonan. Sa pagwakas ay nagbigay ng komento sina Kumiko Tsuchida, Associate Professor ng Komazawa University, at Emi Kato, Associate Professor ng Teikyo University.



Sa survey ng mga nakidalo, kami ay nakatanggap ng mga impresyon kagaya ng “Maganda na nakarinig ako ng iba't ibang opinyon. Napanatag din ako nang malaman na may iba ring may kaparehong alalahanin tulad ng sa akin”, “Unang beses ko itong dinaluhan, pero nagustuhan ko dahil naging masaya at makabuluhan ang diskusyon”, “Ngayong taon, dahil nasa mas maliliit na grupo kami, nagkaroon kami ng mas malalim na talakayan”, “Marami akong natutunan mula sa mga opinyon at alalahanin ng lahat. Napansin ko rin na kapag may nagbahagi ng isang problema, agad na may nagbibigay ng payo o sagot, na talagang kahanga-hanga. Kahit na pormal ang tawag sa pagtitipon bilang isang 'pulong' ng mga kinatawan ng dayuhang mamamayan, naramdaman kong ito ay isang magandang komunidad ng multikultural na pagtutulungan.”, “Karaniwan, ang ganitong uri ng pagpupulong ay pinangungunahan ng mga Japanese na tagapag-organisa, ngunit kahanga-hanga na mismong mga dayuhan ang aktibong nangunguna rito.”, “Nais kong mas maraming mamamayan ng Kawasaki ang makaalam tungkol sa mga aktibidad ng mga kahanga-hangang taong ito”, at iba pa.

Bukod pa rito, pagkatapos ng pagpupulong ay nagkaroon din kami ng maikling panahon para sa isang pakikisalamuha. Maraming tao ang lumahok, kaya’t naging isang masaya at makabuluhang oras ito.

Ang mahahalagang opinyon at payo na natanggap naming sa pagkakataong ito ay tiyak na aming isasaalang-alang sa mga susunod na diskusyon. Sisikapin naming buuin nang maayos ang mga munkahi sa nalalabing mga pagpupulong. Maraming salamat sa lahat ng lumahok.

Ulat tungkol sa Pagsisiyasat at Deliberasyon ng ika-15 Termino

► Komite ng Lipunang Multikultural


Sa ika-unang araw ng ika-4 na meeting, kami ay nagdiskusyon ukol sa “pag-alaga at pag-paaral ng bata”. Sa mga deliberasyon ay lumabas ang mga opinyon na “Kapag lumalahok sa klase ang dayuhang magulang na hindi marunong magsalita ng Japanese, mukhang nahirapan silang makipag-ugnayan sa iba”, at “May mga dayuhang magulang na nakararanas ng pag-iisa, kaya kailangan nila ng suporta”.

Tagapangulo ng Komite, Yoza Adidaya

► Komite para sa Mapayapang Pamumuhay

Sa ika-unang araw ng ika-4 na meeting, kami ay nagdiskusyon ukol sa “Pagbuo ng symbiotic na komunidad”. Sa diskusyon, natanggap ang opinion na “Hindi naipapaabot sa mga dayuhang mamamayan kung para saan ang mga asosasyon sa kapitbahayan o asosasyon ng komunidad”. Bukod dito, nagkaroon din ng pagsasaayos ng pang-unawa tungkol sa kahulugan ng “komunidad.” Napagkasunduan na sa mga susunod na deliberasyon, gagamitin ang “malapit na lugar kung saan sila nakatira” bilang isang kaunawaan para sa mga talakayan.

Pangalawang Tagapangulo ng Komite, Sooyeong Kim



Nais mo bang makinig ng Pagpupulong

—— Iskedyul ng meeting para sa 2025 ——

Lugar: Kawasaki International Center (10 minuto na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Tokyu Toyoko Line/Meguro Line)

Mapa: <http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml>

Oras : Mula 2pm hanggang 5pm

Ika-1 meeting	Unang araw	Abril 20, 2025 (Linggo)
	Ikalawang araw	Mayo 18, 2025 (Linggo)
Ika-2 meeting	Unang araw	Hunyo 15, 2025 (Linggo)
	Ikalawang araw	Setyembre 7, 2025 (Linggo)
Ika-3 meeting	Unang araw	Oktubre 12, 2025 (Linggo)
	Ikalawang araw	Disyembre 14, 2025 (Linggo)
Ika-4 meeting	Unang araw	Enero 18, 2026 (Linggo)
	Ikalawang araw	Pebrero 8, 2026 (Linggo)

Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sinuman. Halina at makibahagi sa pagpupulong!



Mga Japanese na manunulat na binabasa sa buong mundo

Karaniwan ba kayong nagbabasa ng mga libro? May ilang mga Japanese na manunulat na kilala at binabasa hindi lamang sa Japan kundi maging sa buong mundo. Ngayong pagkakataon, ipakikilala namin ang ilan sa mga Japanese na manunulat na kilala sa mundo.

▷ South Korea

Sa South Korea, maraming Japanese na manunulat ang nagiging sikat, lalo na si Keigo Higashino, na minamahal bilang isa sa mga pinakamabentang nobelista sa loob ng mahigit sampung taon. Ang kanyang mga akda ay malalim na naglalarawan ng drama ng tao, na nagbibigay ng matinding damdamin at pag-unawa sa mga mambabasa. Ang Himala sa Tindahan ng Namiya (The Miracles of the Namiya General Store o Namiya zakkaten no kiseki) ay isang bestseller sa loob ng maraming taon, habang ang Paglalakbay sa Ilalim ng Hatinggabing Araw (Journey Under the Midnight Sun o Byakuyako) ay nagging napakapopular na ito ay ginawang drama sa South Korea. Ang kagandahan ng panitikang Hapones ay malawak ding tinatanggap sa South Korea.

Jaehun Jeong

▷ Taiwan

Simula noong dekada 1990, nanagkaroon ng Haruki Murakami boom sa Taiwan, salamat sa tagapagsalin na si Ming-chu Lai na nag-aral sa Japan at nagsalin ng mga akda ni Haruki Murakami, kabilang na ang Norwegian Wood. Ang impluwensya ni Haruki Murakami ay hindi lamang naramdaman sa larangan ng panitikan kundi pati na rin sa pang-araw-araw na wika ng mga Taiwanese. Halimbawa, ang salitang “maliit ngunit tiyak na kaligayahan (chisai keredo tashika na shiawase), na orihinal na hindi matatagpuan sa wikang Tsino, ay likhang salita na nagging bahagi ng pang-araw-araw na bokabularyo ng mga tao sa Taiwan.

Tzu-yi Yang

▷ Vietnam

Sa kasalukuyan, walong akda ni Banana Yoshimoto ang nailathala sa Vietnam. Ang kanyang mga akda ay naglalaman ng mga sensitibong tema para sa kabataan, tulad ng homoseksualidad at pagbabago ng kasarian. Sa pamamagitan ng kanyang mga kwento, pwedeng maunawaan ng mga mambabasa kung ano ang pag-iisip ng mga Hapon ukol sa mga paksang ito na pinagtutuunan ng pansin sa modernong lipunan. Karamihan sa kanyang mga tauhan ay mga kabataang may mental at pisikal na sugat, ngunit sa kabila ng kanilang mga suliranin, patuloy silang lumalaban para sa kanilang hinaharap, at ito ay umaantig sa puso ng mga mambabasa sa Vietnam.

An Vu Hong



Kapag nag-update ng Residence Card, huwag kalimutang i-update din ang My Number Card!

Ang bisa ng My Number Card ay kapareho ng Residence Card, kaya kapag na-update mo ang Residence Card, kinakailangan ding i-update ang My Number Card. Kapag na-update mo na ang iyong Residence Card, huwag kalimutan ang pag-update ng My Number Card sa tanggapan ng mga ward office sa Lungsod ng Kawasaki.



Ci Li

Para sa tanong

Kawasaki City Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau
Miyamoto-chou 1, Kawasaki-ku, Kawasaki City 210-8577

Tel : 044-200-2846 Fax : 044-200-3707 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp

Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi ukol sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.



古紙/パルプ配合率70%再生紙を使用